Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

FILE COPY
DATE: 7-14

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-30 NG HUNYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

**KAPASIYAHAN BLG. 142-T'99**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 03-T'99 NG LOCAL DEVELOPMENT COUNCIL NA SINUSUSUGAN ANG PONDONG INILAAN PARA SA 20% DEVELOPMENT FUND NG TAONG 1999 ALINSUNOD SA LOCAL BUDGET MEMORANDUM NO. 31- APRIL 30, 1999.**

**SAPAGKA'T,** binigyang-pansin ang pagsususog sa inilaang halaga sa taong ito para sa mga proyektong pinondohan sa ilalim ng 20% development fund;

**SAPAGKA'T,** mas malaki ang halagang inilaan ng pamahalaang bayan para sa pondong nabanggit kaysa final allocation na isinagawa ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, Florencio C. Odejar at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 03-T'99 ng Local Development Council na sinususugan ang pondong nagkakahalaga ng P7,235,000.00 na inilaan ng pamahalaang bayan para sa mga proyektong sumasailalim sa 20% Dev't fund at sa halip ay gawing P7,123,521.20 sa ikaaayos nito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sang. Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN C
RECORDED
BY: WW
DATE 7-14

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan